

# Mga Tip sa Kaligtasan para sa Mga Estudyante

## MULA SA TANGGAPAN NG EDUKASYON NG COUNTY NG SAN MATEO:

Kapag sumakay ka ng SamTrans bus papunta o galing sa paaralan, kailangan pa ring sundin ang mga patakaran sa asal sa paaralan dahil bahagi ng iyong araw sa paaralan ang pagsakay ng bus. Kung may matinding problemang mangyari, maaaring tumulong ang empleyado ng paaralan at sila ang bahalang mag-asikaso nito. Para maunawaan kung ano ang nangyari, maaaring kausapin ng mga taga-paaralan ang mga estudyante at mga nakatatandang nakakita sa pangyayari. Maaari rin nilang tingnan ang video mula sa camera sa bus. Nakakatulong ito upang matiyak na ang sitwasyon ay maaayos nang patas at ligtas para sa lahat.

### MAGING MAGALANG NA PASAHERO:

- Pakitunguhan ang iba nang may kabutihan — bawal ang panliligalig, pagbabanta, o nakakaabalang pag-uugali.
- Panatilihing mahina ang ingay sa pamamagitan ng paggamit ng headphones at pagsasalita nang tahimik.
- Dalhin ang inyong basura at panatilihing walang harang sa daan sa pamamagitan ng paglalagay ng mga bag sa ilalim ng inyong upuan.
- Gamitin ang mga handrail at mga hawakan sa likod ng upuan kapag nagpapalipat-lipat sa bus.

### SUMAKAY NANG MAHUSAY:

- Sumakay sa harap at lumabas sa likod.
- Lumipat papunta sa likuran ng bus para gumawa ng espasyo para sa iba.
- Senyasan ang operator kung kailangan ninyong kunin ang inyong bisikleta mula sa sabitan sa harap.
- Kumaway sa bus para sumenyas na gusto ninyong sumakay.

### MANATILING LIGTAS AT ALERTO:

- Hayaang mag-focus ang driver — iwasan ang hindi kinakailangang pag-uusap.
- Gamitin lang ang mga pang-emergency na labasan sa mga tunay na emergency.
- Maghintay na makalabas ang mga pasahero bago sumakay at makaalis ang bus bago tumawid sa kalsada.
- Hawakan ang inyong mga gamit at iulat ang mga nawawalang item sa **samtrans.com/lost**.
- Iulat ang mga alalahanin sa kaligtasan sa **1-800-660-4287**.

### IPINAGBABAWAL SA LOOB:

- Mga armas, nasusunog na materyal, o mapanganib na item.
- Alak, tabako, marijuana, pag-vape, o mga ilegal na droga
- Anumang pag-uugali na inilalagay ang iba sa panganib o gumagawa ng hindi ligtas na kapaligiran.

Las infracciones incluyen advertencias verbales, expulsión y exclusión de vehículos o propiedades, emisión de una citación, arresto y enjuiciamiento (**samtrans.com/code-of-conduct**).

**SERBISYO SA CUSTOMER: 1-800-660-4287**
May kapansanan sa pandinig: (TTY) 650-508-6448
Para traducción llama al 1-800-660-4287 | 如需翻譯,請電 1-800-660-4287

Lunes hanggang Biyernes: 7:00 am - 7:00 pm | Mga Weekend at Holiday: 8:00 am - 5:00 pm

samTrans